

KULTURANG K-DRAMA SA PANDAIGDIGANG PENOMENON

by:

Jayson Yutuc Mangune
Teacher III, Limay National High School

Kapag binanggit ang mga pangalan na Park See-joon, Hyun Bin, Ji Chang-wook, Kim Soo-hyun, Son Ye-jin, Jun Ji-hyun ay hindi mapasusubalian na kilala sila ng karamihang Pilipino, lalo na sila ang nagbigay-buhay sa mga manonood na nakakulong sa bahay noong panahon ng pandemya. Sila ang naghatid ng saya, kilig, lungkot, pag-asa, at inspirasyon sa mga Pilipinong tumatangkilik ng K-Drama. Paano nga ba nagsimula at tinanggap ang ganitong palabas sa ating bansa?

Kung babalikan natin ang unang bahagi ng dekada 2000, unti-unting pumasok ang mga tinaguriang Asianovela, mga teleseryeng nagmula sa iba't ibang bansa sa Asya – mga nagmula sa Taiwan, South Korea, China, at Japan. Naging panimulang mitsa ang Taiwanese drama na Meteor Garden, na ipinalabas noong Mayo 2003. Dahil sa kakaibang kuwento at bagong mukha ng romansa, mabilis itong tinangkilik ng mga Pilipino. Hindi man agad napansin, ang panahong ito ang nagsilbing bukal ng isang mas malawak na kultural na pagbabago: ang pag-usbong ng Korean Drama o K-Drama bilang isa sa pinakamatibay na anyo ng kulturang popular sa Pilipinas. Mula sa simpleng aliwan, naging daluyan ito ng mga ideya, damdamin, at pananaw na umabot lampas sa screen ng telebisyon at smartphone tungo sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino. Ilan sa mga klasikong palabas na nagpatibay sa kasikatan ng K-Drama sa bansa ay Jewel in the Palace, Lovers in Paris, Dong Yi, at Full House.

Mas namayani ang mga palabas mula sa South Korea, ang mga K-Drama na nagtunghay ng mas magadaang konsepto, masidhing emosyon, malinaw na banghay, at kakaibang estetika. Isa sa mahahalagang dahilan kung bakit naging kaakit-akit ang K-

Drama ay ang pormat nitong miniseries. Karaniwan, ang bawat serye ay binubuo lamang ng 12 hanggang 24 na episodio, na tumatagal ng humigit-kumulang isang oras bawat isa. Dahil dito, mas buo at organisado ang daloy ng kuwento, hindi humahaba nang walang malinaw na direksiyon, isang kaibahan sa ilang lokal na teleseryeng umaabot ng maraming taon. Sa usapin ng genre, napakalawak ng saklaw ng K-Drama: may action, historical, school, medical, legal, at maging horror-comedy. Subalit nananatiling sentral ang mga temang may kaugnayan sa pagkakaibigan, ugnayan ng pamilya, at pag-ibig – mga pagpapahalagang malapit din sa kulturang Pilipino.

Habang umuusad ang panahon, hindi nanatili sa tradisyonal na romansa ang K-Drama. Sa kasalukuyan, mas naging matapang at mapanuri ang mga tema nito. Tinatalakay na ngayon sa mga serye ang mga sensitibo at kontemporaryong isyu tulad ng mental health, hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian, bullying, rasismo, korupsiyon, at maging ang epekto ng teknolohiya sa pribadong buhay. Sa ganitong paraan, nagiging salamin ang K-Drama ng mga suliraning panlipunan, hindi lamang sa Korea bagkus maging sa ating bansa kaya mas nagiging makabuluhan ito sa mga manonood na Pilipino.

Hindi maikakaila na malaking salik sa tagumpay ng K-Drama ang malawak na suporta ng pamahalaan ng South Korea. Naglalaan ito ng malaking pondo para sa produksyon: mula sa pagsasanay ng mga direktor, manunulat, at artista, hanggang sa paggamit ng makabagong kagamitan, mamahaling kamera, at de-kalidad na studio. Bukod dito, hindi rin pinapatawan ng buwis ang mga produksiyong teleserye, kaya mas napalalawak ang saklaw ng kanilang malikhaing eksperimento. Isang kongkretong halimbawa ng estratehikong pamumuhunan ay ang Nami Island, na nagsilbing eksklusibong lokasyon ng taping para sa maraming K-Drama. Ang isla ay idinisenyo upang magpakita ng iba't ibang panahon – spring, summer, autumn, at winter, na nagbibigay ng perpektong biswal para sa kuwento. Dahil dito, hindi lamang palabas ang

naipagbibili, maging ang imahen ng bansa bilang isang destinasyong kaaya-ayang bisitahin.

Kung ihahambing sa Pilipinas, malinaw ang agwat sa usapin ng pondo at suporta. Limitado ang budget ng karamihan sa lokal na filmmakers at TV producers, at madalas ay nakatuon lamang sa lokal na merkado. Sa K-Drama, tinatayang higit na mas mahal ang gastos sa produksyon dahil target nila ang world market. Ang ganitong pananaw ang nagtulak sa South Korea na gawing eksport ang kanilang kulturang popular, mula sa musika at pelikula hanggang sa pagkain, pananamit, wika, at turismo. Dahil dito maraming Pilipino ang nahikayat na matutong magluto ng pagkaing Koreano, magsuot ng istilong Koreano, at higit sa lahat, mangarap na makapaglakbay sa South Korea.

Ang K-Drama ay hindi na lamang palabas na naghahatid ng saya, kilig, lungkot – bagkus ito ay naging tulay ng pag-unawa sa ibang kultura at salamin ng mga isyung panlipunang kinahaharap ng makabagong mundo. Mula sa unang sulyap sa Asianovela hanggang sa ganap na pagtanggap sa K-Drama bilang pandaigdigang penomenon, napatunayan na ang kulturang popular kapag sinusupportahan, pinagyayaman, at ibinabahagi ay may kakayahang tumawid ng hangganan at manatili sa puso ng mga manonood. Sa huli, ang K-Drama sa Pilipinas ay kuwento ng ating pagiging bukas sa bagong anyo ng sining, damdamin, at pagkakakilanlan sa isang nagkakaugnay na daigdig.

References:

- Lie, J. (2015). K-Pop: Popular Music, Cultural Amnesia, and Economic Innovation in South Korea. University of California Press.
- Shim, D. (2006). Hybridity and The Rise of Korean Popular Culture in Asia. *Media, Culture & Society*, 28(1), 25–44.